

IMAHEN

Perry C. Mangilaya

Agad na lumabas ng bahay si Badong nang matanaw niya mula sa nakabukas na bintana ang mga kabarangay niyang maligalig na naglalakad sa kalsada. Magtatanghali na iyon ngunit tila hindi alintana ng mga ito ang tindi ng sikat ng araw. Iisa ang direksiyon kaya naisip niyang iisa rin ang pakay ng mga ito. Dala ng kuryosidad, dali-dali siyang tumungo sa may kalsada. Sinundan niya ng tingin ang tinutumbok ng mga tao. At napaisip siya, ano't patungo ang lahat sa kanilang kapilya?

May misa? naisaloob niya. Pero wala siyang maisip na mahalagang okasyon para magdaos ng misa. Malayo pa ang pista sa kanilang barangay. At kapag ganitong araw ng Linggo, sa simbahan sa bayan ang misa.

Kagyat siyang bumalik sa kanilang bahay. Dumiretso sa kusina. Sa kanyang asawang si Belen na abala sa pagluluto ng kanilang pananghalian. Kagagaling lang nito sa palengke pagkatapos makapagsimba nang umagang iyon.

“May misa ba sa kapilya?” bungad niya sa asawa.

“Misa?” Nilinga siya nito, nakakunot-noo at nakalangkap sa tinig ang pagtataka. “Wala.”

“Nagpuntahan kasi ang mga tao ro'n.”

“Wala namang okasyon, a,” ani'to.

“Yon na nga,” aniya. “Teka, makikiusyuso lang muna ako.”

“Bumalik ka agad, balitaan mo ako,” pahabol pa nito nang tumalikod siya.

Sumabay siya sa hugos ng mga taong naglalakad. Halo-halong edad. Pero mas nakakarami ang nasa hustong gulang na. At pagdating niya sa kapilya, natigilan pa siya. Ano itong naririnig niya. Mga kababaihang nagnonobena?

Nakiraan siya, nakisiksik sa mga labas-masok at aligagang mga tao para makapasok sa loob ng kapilya. Pinangunutan pa siya ng noo nang makita ang mga kabarangay niyang may pinagkukulumpunan sa may tabi, sa kanang bahagi ng altar na kinapapatungan ng kanilang mahal na patron Señor San Jose. Lumapit siya sa mga ito. At sa paglapit niya, noon niya nalaman ang pinagkukulumpunan ng mga ito. Isang marka iyon sa pader, na kung tititigan nang husto, nabubuo ang hugis ng imahen ni Kristo. Sa ibaba ng nagmarkang imaheng iyon, may mga nagtitirik ng kandila. Habang ang iba, naghahaplos ng panyo sa imahen at saka ihahaplos naman iyon sa katawan ng mga ito. May mga nag-aantanda. May humahawak sa imahen habang nakapikit at kikibot-kibo ang mga labi.

Naagaw rin ang kanyang pansin sa gitna ng mga kulumpon ng mga tao, sa sinto-sintong si Uroy, habang nakadaop ang mga palad sa tapat ng dibdib nito, nakatitig sa lumitaw na imahen ni Kristo, at kumikibot-kibot din ang mga labi.

Himala! nabaghan pa siya nang paulit-ulit na humiging iyon sa kanyang pandinig mula sa mga naroroon.

Ayon pa sa nasagap niya mula sa matatandang naroroon, isa itong pahiwatig ng Diyos sa mga tao na panahon na para magbalik-loob sa Kanya. Humingi ng kapatawaran sa mga kasalanan. Maaaring nakakalimot na ang mga tao sa pagdarasal at pagsisimba. Kung lilimiin daw mabuti, kung bakit sa pader na malapit sa may altar lumitaw ang imahen ni Kristo. Simbolo raw iyon ng pagtawag sa mga tao na pumasok sa tahanan ng Diyos. Malinaw na isa raw itong paanyaya sa mga tao na sumilong sa tahanan ng Diyos dahil dito lamang makakasumpung ng kapanatagan.

Muling naagaw ang pansin niya kay Uroy, na ngayon ay ipinapahid naman ang mga palad nito sa imahen ni Kristo, at saka ihihilamos sa sariling mukha nito. Pipikit, kikibot-kibot uli ang mga labi. Hindi naman ito sinasaway ng mga naroroon. Kilala man ito sa pagiging sinto-sinto, malinis naman ito at hindi nananakit at namemerwisyo. Naging karaniwang tanawin na rin ito sa kanilang barangay, palipat-lipat ng lugar na pagtatambayan pero kadalasan, makikita itong nakatambay sa *waiting shed* sa plasa ng kanilang barangay malapit sa kapilyang iyon. Maghaponng uupo ito roon, kunwa'y nagbubunot ng balbas kahit wala namang balbas na bubunutin.

Nagugulumihanan si Badong sa kanyang mga nasaksihan at naririnig. Anót tulad ni Uroy, tila naging sinto-sinto na rin ba ang kanyang mga kabarangay?

Maging ang kanyang asawa, nang ibalita niya rito kung ano ang pinagkakaguluhan ng mga tao ay malaki ang paniniwalang magdadala ng himala at suwerte ang imaheng iyon.

“Luto na rin naman ang pananghalian, mauna na kayong kumain ng mga bata,” sabi ng kanyang asawa na tinutukoy ang tatlo nilang anak na pawang nasa elementarya ang bunsong lalaki at haiskul ang magkasunod na babae. “Sasaglit lang muna ako sa kapilya.”

Hindi na niya napigilan ang kanyang asawa nang karaka itong lumabas ng bahay. Ganoon talaga ang kanyang asawa, sadyang mapaniwalain sa himala. Lahat ng kakatwang nangyari sa kanilang buhay, ipinagpalagay nitong isang himala. Kagaya na lang nang manalasa ang bagyong Ursula sa kanilang lalawigan sa Aklan, nang mabuwal ang isang malaking puno ng mangga sa harapan ng kanilang bahay, at lumihis ito nang bumagsak, itinuturing nitong isang himala iyon. Kung nagkataon daw na tumama iyon sa kanilang bahay, sapul silang mag-anak. Hindi raw sila pinabayaan ng Diyos at naligtasan nila ang bagyong iyon.

Kabaliktaran kay Badong. Hindi siya naniniwala sa mga himala. Walang himala. Ang nangyayari sa buhay ng tao ay pinaniniwalaan niyang sadyang iyon talaga ang nakatadhana. Hindi maaaring ang nangyari sa ibang tao ay mangyayari rin sa iba. Para sa kanya, kani-kaniya ang kapalaran ng mga tao. Nagdarasal siya, humihiling sa Diyos. Pero hindi siya humihingi ng himala. Para sa kanya, kailangan pa rin ng tao na samahan ng gawa. Hindi gagawa ang Diyos na tila isusubo na lang sa tao ang mga bagay na hinihingi.

Bukod sa mapaniwalain sa himala, deboto rin ang kanyang asawa sa halos lahat ng patron. Dahil likas na relihiyosa, walang Linggo na hindi ito nagsisimba sa bayan. Na kabaliktaran din sa kanya, kahit anong pilit ng kanyang asawa, ayaw niyang magsimba. Naniniwala naman siyang may Diyos, iyon nga lang, tila abala pa sa kanya ang pumunta sa simbahan. Para sa kanya, kahit saan naman, naroon ang Diyos. Kaya kahit saan, puwede siyang magdasal. Hindi na kailangang pumasok pa sa simbahan. At kahit anong panghihikayat ng kanyang asawa, hindi siya napahinuhod nito na magsimba. Kaya naman kapag may idinadaing siyang karamdaman, hindi siya titigilan ng panunumbat nito.

E, paano nga, hindi ka nagsisimba. Tapos kapag nagkakasakit ka, tawag ka naman nang tawag sa Kanya. Kailangan mo lang pala Siya kapag may hinihiling ka.

Kahit hindi ako nagsisimba, nagdadasal din naman ako, igigiit niya.

Pero iba pa rin ang magsimba ka, igigiit din nito. Konting oras lang naman ang ilalaan mo, ipagkakait mo? Ayan, tingnan mo, may sakit ka. Baka sinadya na iyan ng Diyos para gisingin ka.

Ilang buwan na kasi, pinahihirapan siya ng ubong hindi gumaling-galing. Dagdag pa ang hirap at pangangapos niya sa paghinga. Na kahit binawas-bawasan na rin niya ang kanyang paninigarilyo, dinadalalit pa rin siya ng ubo. Iniaasa na lamang niya sa pag-inom ng mga nilagang dahon-dahon. Pero ang kanyang asawa, panay ang yakag nito na magpatingin na

sila sa doktor, ngunit todo ang tanggi niya. Mawawala rin ito, ang lagi niyang katwiran sa asawa. Naisip din niya kasing sapat lang din ang kinikita niya sa konstruksiyon bilang mason. Minsan, wala pang pagawa. Ang kanyang asawa, wala rin namang trabaho dahil ito ang nag-aasikaso sa kanilang mga anak.

Lampas tanghaling tapat na nang makauwi ang kanyang asawa mula sa kapilya.

“Si Mareng Elma pala ang unang nakapansin sa imaheng ‘yon,” karakang balita nito sa kanya.

“Pa’no niya napansin?”

“Di ba, s’ya ang nangangasiwa sa kapilya,” anito. “Naglagay kasi siya ng mga bulaklak sa altar dahil kapistahan ni Señor San Jose sa makalawa. Ayun, noon niya napansin.”

Namalagi siyang nakalinga sa asawa, hindi nawala ang kunot sa kanyang noo.

“Ang akala nga raw niya, karaniwang marka lang ‘yon sa pader. No’ng titigan niya nang husto, noon niya napansin, na imahen pala ‘yon ni Kristo.”

Binawi niya ang tingin sa asawa.

“At alam mo ba,” patuloy nito. “Parang me humaplos daw na malamig sa kanya habang tinititigan niya ang imahen ni Kristo. Nanindig din daw ang kanyang mga balahibo. At me kakaiba raw siyang nararamdaman na hindi niya maintindihan,” dagdag pa nito.

“Pero ako ang nagpalitada sa pader na ‘yon nakaraang buwan,” aniya. “At napansin ko na ang markang ‘yon nang matuyo ang palitada.”

“Bakit hindi mo sinabi sa ‘kin agad?” Kandidilat ang kanyang asawa.

“Normal lang naman kasi na may lumilitaw na marka sa pader kapag napapalitudahan.”

“Oo nga, pero sa dinami-daming p’wedeng lumitaw, bakit imahen pa ni Kristo,” giit ng kanyang asawa.

“P’wedeng nagkataon lang,” giit din niya.

“Kung nagkataon man, aba, pambihira pa rin ‘yon. Kasi, bakit sa loob pa ng kapilya lumitaw? At do’n pa mismo sa may altar. Ibig sabihin lang n’yan, me ipinapahiwatig sa atin ang Diyos,” giit uli nito.

Nagulumihanan siya.

“Ikaw talaga, ginagamit ka na ngang instrumento ng Diyos, binabalewala mo pa,” may sumbat sa tinig ng kanyang asawa.

“Instrumento,” nakaismid na dugtong niya. “Ginawa ko lang naman ang trabaho ko.”

“Palibhasa kasi, kulang ka sa pananampalataya,” sagot nito. “Sabi nga ng matatanda na nando’n kanina, may dalang mensahe raw ang paglitaw ng imahen na ‘yon. Baka ipinapaalala raw sa atin ng Diyos na h’wag tayong makalimot sa Kanya. Na dapat lagi tayong lumapit sa Kanya. Magdarasal lagi at manalig sa Kanya.”

Hindi na niya tinugon ang kanyang asawa. Kabisado na niya ang ugali nito. Kung ano ang pinaniniwalaan, hindi na mababali. Hahaba lang ang kanilang pagtatalo.

Nang sumapit ang takipsilim, dala ang panyo, niyaya siya ng kanyang asawa na bumalik sila sa kapilya. Magnonobena raw ito. Tumanggi siya. Ngunit hindi siya nilubayan nito. Naroong nagagalit na ito. Nanunumbat dahil sa kawalan daw niya ng pananampalataya. At para matigil na ang kanilang pagtatalo, pinagbigyan niya ito kahit labag sa kanyang kalooban.

Natigilan pa siya nang makarating sa kapilya. Mas dumami na ang mga tao. Lumiwanag ang kapilya dahil sa nagkukumpulang nakasinding mga kandila sa ibaba ng lumitaw na imahen ni Kristo. Binabasag ang katahimikan

ng takipsilim ng sabay-sabay na pagnonobena ng matandang kababaihan. Ang iba, nakaluhod pa habang nililigis ng mga daliri ang mga butil ng rosaryo at taimtim na nagdarasal.

Napansin niya, naroon uli si Uroy, nakaluhod din, kumikibot-kibot ang mga labi na wari'y sumasabay sa mga pagnonobena.

Nabaghan si Badong. Nakaramdam ng awa para sa mga tao.

Mangilan-ngilan na lang ang tao sa kapilya nang umuwi sila. At bago sila matulog, inilapat ng kanyang asawa ang panyo sa kanyang likod na ipinahid nito sa lumitaw na imahen ni Kristo.

“H’wag mong alisin,” anito. “Hayaan mong d’yan lang sa likod mo habang natutulog ka.”

Hindi siya kumibo.

“Naniniwala ako, nakapaghihimala ang imaheng ‘yon,” dugtong pa nito. “Hindi ‘yon basta lilitaw do’n kung walang misyon sa mga tao.”

Hindi na niya tinugon ang kanyang asawa. Magtatalo lang uli sila. Ipipilit pa rin nito kung ano ang pinaniniwalaan. Isusumbat sa kanya na kaya hindi siya gumagaling dahil sa kanyang mababaw na pananalig.

Agad na nakarating sa kanilang kura paroko sa bayan ang balitang iyon sa kanilang barangay nang sumunod na araw. Pero sa halip na magdaos ng misa, nagbigay lang ng paalala at babala ang pari sa mga tao na huwag basta-basta maniniwala sa mga ganoong bagay. Kailangan pa munang suriin ito. Magkaroon nang malalim na imbestigasyon. Kailangan may patunay kung ito ba ay instrumento ng Diyos para makapagbigay ng himala sa mga tao. At kung makapaghihimala man, huwag din basta-bastang maniniwala na ang lahat ng himala ay galing sa Diyos. Maging ang demonyo, kayang gumawa ng himala para lang linlangin at iligaw ang mga tao. Kaya maging mapanuri, huwag palilinlang at ibayong pag-iingat ang kailangan, giit pa ng pari. At huwag magsawang magdasal.

Ngunit hindi nasupil ng pangaral at babala ng pari ang paniniwala ng mga tao, lalo na ng kanyang asawa. Matibay at buo pa rin ang paniniwala ng mga ito na gawa iyon ng Diyos para magsilbing instrumento upang paghimalaan ang mga taong nananampalataya sa Kanya.

Mabilis na kumalat ang balitang iyon sa buong bayan nila ng Ibajay. Kaya naman lalong dumami ang dumarayo sa kanilang kapilya mula pa sa iba't ibang mga barangay. May ilan pang nakasaklay ang dumadayo roon, may binubuhat, at akay-akay, na karamihan ay pawang matatanda na. Anupa't hindi nawawalan ng mga tao ang kanilang kapilya sa pag-asang makasumpong ng himala. Kaya nagpasiya na rin ang kanilang barangay na huwag nang pinturahan ang pader sa may bahaging altar upang mapanatili ang imaheng iyon.

Pero hindi nilubayan ng pagkabagabag si Badong. May mga gabing hindi siya pinatatahimik sa kanyang pagtulog. Matagal na kasi siyang nagtatrabaho sa konstruksiyon bilang mason, at karaniwan nang may lumilitaw o nabubuo ng kung anong hugis sa pader kapag napapalitadahan ito. Kahit sa *flooring*, kadalasang tila may lumilitaw o nagmamarkang imahen. Normal na nangyayari lamang iyon, at hindi dapat bigyan ng anumang kahulugan. Marami na siyang nasaksihan na ganoon, kahit sa mismong sarili niyang gawa, tulad nga ng nangyari sa kanilang kapilya.

Ano't biglang sinamba iyon ng mga tao?

Pero mas minabuti niyang huwag nang kontrahin ang paniniwala ng mga tao. Alam niya, hindi rin naman siya paniniwalaan. Malamang sa pagsasabihan lang siya, na kung hindi siya naniniwalang gawa iyon ng Diyos para paalalahanan ang mga taong nakakalimot na sa Kanya, at para magbigay-himala, huwag na niyang sagkaan at sirain ang paniniwala ng mga ito.

Tuwi-tuwina rin, hindi nananawa ang kanyang asawa sa pag-aanyaya sa kanya. Pero kahit anong pilit at pakiusap nito, kahit anong panunumbat, hindi na siya bumalik sa kapilya.

“Ito na ang pagkakataon para gumaling ka, Badong,” patuloy na giit nito. “Dahil bukod sa ikaw ang nagpalitada sa pader na’yon, ikaw rin pala ang unang pinakitaan ng imaheng’yon ni Kristo. Kung iisiping mabuti, mapalad ka.”

Kunot-noo siyang napatingin sa asawa.

“Manalig ka, Badong, paghihimalaan ka ng imaheng’yon. Tingnan mo ako, maginhawa na ang pakiramdam ko. Baka bukas o makalawa, mawawala na ang hika ko.”

“Gagaling naman ako kahit hindi lumitaw ang imaheng’yon,” giit niya.

“Ayan ka na naman,” may sumbat sa tinig nito. “Umiral na naman ang katigasan mo. Mabuti pa si Uroy, kahit sinto-sinto, naniniwala.”

“At ano’ng dinadasal niya, gagaling siya,” aniya. “Paghihimalaan na titino na siya? Alam ba niya na sinto-sinto siya?”

“Pilosopho ka kasi kaya ganyan ang mga katwiran mo,” ani ‘to at umingos sa kanya.

“Yan ang problema sa ‘yo, kapag hindi umayon sa paniniwala mo ang paniniwala ko, sasabihin mong pilosopho ako,” giit niya.

Ngunit hindi na siya tinugon ng kanyang asawa. Masama ang mukhang tinapunan siya ng tingin.

Dahil sa naging bukambibig na nga ang balitang iyon, binisita ito ng kanilang *municipal engineer* upang masuri. Pero paliwanag nito, normal lang iyon. Ayon pa sa *engineer*, karaniwan nang nangyayari iyon kapag napapalitadahan ang pader dahil sa tubig. May nabubuong hugis kapag natuyo. Nagkakaroon ng tila hugis hayop o anumang bagay. May hugis tao. May nabubuong tila nakakatakot na nilalang. Marami nang kaso ang ganoon, kahit sa *flooring*, na kung ano-anong tila lumilitaw na imahen. Ang

iba pa nga'y tila imahen ng mga santo at santa. Sadyang malikot lang daw kasi ang imahinasyon ng mga tao.

Ngunit walang naniwala sa *engineer*. Bagkus nagalit pa ang mga tao sa mga paliwanag nito. Na ayon sa mga ito, sinisira lang ng *engineer* ang kanilang pananampalataya, paniniwala at pananalig.

Kahit nga ang kanyang asawa, nang ipaliwanag niya rito ang lahat, na sinasang-ayunan din niya at tama ang paliwanag ng *engineer*, nagalit pa sa kanya. Ganoon daw talaga ang kulang sa pananampalataya. Hindi raw ba malinaw sa kanya, imahen ni Kristo ang lumitaw.

Pero sa isang banda, naisip din ni Badong na mas mabuting hayaan na lang niya ang mga tao. Sa gitna ng kawalan ng pag-asa, tanging sa himala na lang kumakapit ang mga ito. Himalang magdadala ng suwerte at kagalingan sa anumang karamdaman. Na kahit paano, sa gitna ng masalimuot na buhay, nakasilip ang mga ito ng paghuhugutan at pag-asa. At ayaw niyang ipagkait iyon.

Lalong dinarayo ang kanilang kapilya nang sumunod pang mga araw nang kumalat ang balitang nakapaghihimala nga ang lumitaw na imahen ni Kristo. Nakapagpapagaling ng mga karamdaman. Kaya naman halos tuwing takipsilim, naroon din ang kanyang asawa. At tuwing umuuwi ito, laging may dalang panyo at ipinapahid sa kanyang likuran. Pero wala pa ring nangyayari sa kanyang sakit. Pinahihirapan pa rin siya. Pakiramdam pa niya, lalong lumalala.

“Hindi kasi buo ang pananalig mo,” nasa tinig ng kanyang asawa ang panunumbat. “Kahit naman anong gawin kong hingi ng himala, kung ikaw mismo ay hindi naniniwala, talagang hindi ka gagaling.”

“Buo ang pananalig ko kaya gagaling ako,” giit niya.

“O, gumaling ka nga?” giit na tanong nito.

Hindi siya kumibo.

“Hindi mo ba nababalitaan, marami nang gumaling dahil napaghimalaan ng lumitaw na imaheng ‘yon,” anito. “Meron nga raw, nawala ang pananakit ng balakang.”

Nananatili siyang walang kibo.

“Meron ding nagpatotoo, nawala ang *highblood*,” patuloy nito. “Yong iba naman, lumakas daw ang katawan.”

Napaisip siya.

“At ako mismo,” patuloy pa ng kanyang asawa. “Napansin mo bang inaatake ako ng hika? Hindi na, di ba? At pakiramdam ko, maginhawa na ang pakiramdam ko.”

Hindi na nga inaatake ng hika ang kanyang asawa. Hindi tulad ng mga nakaraang araw, madalas itong atakehin.

Ngunit iyon nga kaya ay dahil sa lumitaw na imahen ni Kristo? naisaloob niya.

“Kung nananalig ka kasi, e, di sana, magaling ka na ngayon,” patuloy na sumbat ng kanyang asawa. “Tingnan mo, lalo nang lumalala ‘yang ubo mo, tapos ayaw mo ring magpatingin sa doktor.”

Hindi siya kumibo.

Halos tuwing takipsilim, hinihikayat siya ng kanyang asawa na sumama siya sa pagnonobena nito sa kapilya. Kailangan niyang magsakripisyo kung gusto niyang gumaling. Iwaksi ang pagdududa. Alisin ang kanyang mga agam-agam. Dahil ang pagkakaroon ng agam-agam ay palatandaan na hindi buo ang pananalig sa Diyos.

Pero paano ba siya mananalig na nakapaghihimala ang imaheng iyon? Alam niya, malalim ang pananalig niya sa Diyos kahit sabihin man hindi siya palasimba. Pero labag sa kanyang kalooban na sumamba sa imaheng iyon na sa tingin niya, nagkataon lang na lumitaw iyon, batay sa

mga naging karanasan niya bilang mason. Walang katuturan na bigyan pa iyon ng kahulugan.

Ngunit patuloy na dumarami ang nababalitaan niyang gumaling sa mga karamdaman, hindi lang sa kanilang barangay, kundi maging sa ibang mga barangay. Hindi naman siguro magsisinungaling ang marami kung totoong gumaling nga. Wala namang dahilan para gumawa ang mga ito ng kuwento-kuwento.

“Subukan mo kasing sumama sa asawa mo,” minsang payo sa kanya ng kapitbahay niyang si Gido. “Wala namang mawawala sa ‘yo. Manalig ka lang.”

Nanatili siyang nakamata rito.

“Tingnan mo ako, maayos na ang pag-ihi ko, hindi na masakit kapag umihi ako,” patuloy nito. “Kung iniasa ko lang sa mga gamot na inireseta ng doktor, baka lalo lang lumala. Aba, e, matagal na akong naggagamot, hindi bumubuti ang pakiramdam ko.”

“Dahil nga kaya sa imaheng ‘yon?”

“Oo,” tiwalang turan nito. “Dahil do’n lang naman nagsimula mula nang lumitaw ‘yon.”

Napaisip siya, tinitimbang ang salaysay ng kanyang kapitbahay.

“Kahit si Diday,” patuloy nito na tinutukoy ang asawa. “Laging dinadaing no’n, sumasakit ng tiyan, pero ayun, hindi na dumadaing. Ang dami nang nagpapatotoong gumaling sa sakit. Hindi pa ba patunay na ginawang instrumento ng Diyos ang imaheng ‘yon para bigyang himala ang mga tao?”

Wala pa ring maapuhap na tugon si Badong.

“E, kasi nga nananalig sila,” mariing sabi pa ng kanyang asawa nang

banggitin niya rito ang tungkol sa pag-uusap nila ni Gido. “Kung nananalig ka rin sana, e, di magaling ka na ngayon.”

Paano nga manalig? ang laging dumiriin sa kanyang isip.

“Manalig ka na kasi,” himig-pakiusap ng kanyang asawa, matiim ang tingin sa kanya. “Ayan, o, ang sama-sama na ng ubo mo. Tapos, namamayat ka na,” puno ng pag-aalalang patuloy ng asawa. “Baka kung ano na ‘yan. Pero kung ano man ‘yan, manalig ka lang, paghihimalaan ka.”

Hindi siya umimik.

Kung gaano na karami ang nagpapatotoong napagaling dahil sa lumitaw na imahen ni Kristo sa pader na iyon, kabaliktaran naman sa kanyang sarili. Tila humihina na siya. Gusto na rin niyang magpatingin sa doktor ngunit pinangingibabawan siya ng takot. Ayaw niyang malaman ang dahilan ng hindi gumagaling-galing niyang ubo. Napansin din niya ang pagkahulog pang lalo ng kanyang katawan. Nagkaroon na rin ng takot sa kanyang dibdib. Mga gabing hirap siyang makatulog dahil sa maya’t mayang pagdalahit ng ubo. Ng hirap niya sa paghinga. Dagdag pa ang mga alalahaning hindi siya makapagtrabaho nang maayos. Pinipilit na lang niya kahit hirap. Pero nitong huling araw, talagang tinanggihan niya ang alok na trabaho ‘pagkat hindi na niya kaya. Gusto niyang magpahinga muna.

“Kung ayaw mong magpadoktor,” ang kanyang asawa. “Manalig ka sa himalang dala ng imaheng ‘yon, Badong. Bingi ka ba, ayun, ‘andami nang nagpapatotoong gumaling, hindi ka pa rin naniniwala? Gano’n ka na ba katigas? Kahit pinahihirapan ka na ng sakit, ayaw mo pa ring manalig dahil lang sa pilosopo mong paniniwala.”

Ang totoo’y hindi mapanatag ang isip ni Badong. Mga gabing nililigalig siya sa kanyang pagtulog. Alam niyang bilang mason, karaniwan nang nangyayari iyon. Ngunit ang ipinagtataka at hindi niya maipaliwanag, ano’t nakapagpapagaling ng karamdaman iyon? Sadyang hinipo nga ba iyon

ng Diyos? Hiningahan ba ng kapangyarihan ng Diyos ang imaheng iyon upang makapaghimala sa mga tao? Ginawa bang instrumento iyon ng Diyos upang sukatin at subukin ang pananalig at pananampalataya ng mga tao?

Hanggang isang takipsilim, natagpuan na lamang niya ang kanyang sarili na kasama ng kanyang asawa na nagnonobena sa kapilya. Nakaluhod sila sa harap ng may sinding mga kandila na kanilang itinirik sa may ibaba ng lumitaw na imahen ni Kristo. Ramdam pa niya ang maligasgas na *flooring*, bumabaon sa balat sa kanyang tuhod. Tila sumusugat. Ngunit tiniis niya. Naalala niya ang bilin ng kanyang asawa, kailangang magsakripisyo. At habang nililigis ng kanyang asawa ang mga butil ng rosaryo kasabay ng matagimtim na pag-usal nito ng nobena, napapikit siya, mariin.

Pagdilat niya pagkaraan ng ilang sandali, napapitlag pa siya, nang malingunan si Uroy sa kanyang tabi, nakaluhod din, at nakangising nakatingin sa kanya.